IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M05/2/A2PIL/SP2/TGL/TZ0/XX

22052052

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Friday 6 May 2005 (morning)
Vendredi 6 mai 2005 (matin)
Viernes 6 de mayo de 2005 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one question.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un sujet de composition.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste una pregunta.

*Sumulat ng sanaysay sa* ***isa*** *sa sumusunod. Ibatay ang sagot sa mga opsyong kultural* ***at/o*** *opsyong panliteratura na pinag-aralan sa klase. Ang reperensiya sa ibang paksa o akdang panliteratura ay pinapayagan pero di dapat maging pangunahing katawan ng sagot.*

**Wika at Kultura**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Kaugnay ng iyong pag-aaral sa wika at kultura, ang pagmamalaki ba ng pansariling pambansang identidad ay nakasasagabal o nakatutulong kung ang mga mag-aaral sa magkakaibang pinagmulang wika at kultura ay mag-aral na magkakasama?

*o ito:*

(b) Ano ang tingin mo sa ideya na ang pagiging mahusay sa wikang iba sa kanyang inang wika ay nagpapahiwatig ng bagong daan ng pagsasadiwa ng realidad?

**Medya at Kultura**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Kaugnay ng iyong pag-aaral sa medya at kultura, ang elektronikong medya ba tulad ng telebisyon at internet ay nagtataguyod ng nasyonalistiko o unibersal na halagahin?

*o ito:*

(b) Alin ang pinakamapagkakatiwalaang pinagmumulan ng impormasyon: mga pahayagan, radyo, telebisyon o ang Internet? Bakit? At paano? Sa sanaysay, magbigay ng mga halimbawa mula sa iyong pag-aaral ng medya at kultura.

**Mga Isyung Panghinaharap**

**3.** Alin sa mga kasalukuyang siyentipiko at teknolohikal na proyektong eksplorasyon at pananaliksik ang maituturing mong pagsasayang lamang ng panahon, salapi at pagod at bakit?

**Mga Isyung Pandaigdig**

**4.** Sa iyong opinyon, aling problemang pandaigdig o global ang pinakanangangailangan ng solusyon at mga ano ang estratehiya ng pagtutulungang internasyunal na dapat isagawa sa pagkakamit nito?

**Mga Isyung Panlipunan**

**5.** Sa anong paraan at saang hanggahan ang mga estudyante ay makakatulong sa mga nangangailangan sa lipunan? Sa iyong sanaysay, magbigay ng mga halimbawa mula sa pag-aaral ng mga isyung sosyal.

**Mga Tanong Panliteratura**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Sa iyong tingin, may bahagi ba ang tula sa modernong buhay? Pangatuwiranan ang iyong sagot sa mga halimbawa mula sa iyong pag-aaral ng literatura.

*o ito:*

(b) Ang pananalig – politikal man o relihiyoso – ay maaaring maghugis sa buhay ng tao. Hanguin sa pinag-aralang literatura ang patunay kung paano nahugisan ng pananalig ang mga karakter. Ano ang nais ipakita ng manunulat sa paglalarawan ng pananalig batay sa kanyang ginawa o sinulat?

*o ito:*

(c) Ano ang mga katangian ng tao na natagpuan mo sa mga akdang panliteratura na nais mong tularan at isabuhay, at bakit?